



REMINDERS FOR FILIPINOS IN CHINA



► Please register with the Embassy. The Embassy is located at 23 Xiu Shui Bei Jie, Jian Guo Men Wai, Beijing, 100600. Five (5) ways to contact the Embassy:

- trunkline +8610 6532 1872;
- Duty officer Hotline +86138 1112 0334;
- Assistance-to-Nationals (ATN) Hotline +86139 1118 0495;
- email address beijing.pe@dfa.gov.ph; and
- fax numbers +8610 6532 3761 and +8610 6532 1921.

► Your visa should be valid for the duration of your stay, and your occupation or activities in China should correspond to the purpose of stay indicated in your visa.

► When purchasing air tickets for your travels, ensure that you also purchase travel insurance for any emergency.

► Always keep a photocopy of your passport and visa. In case you lose your passport:

(1) report the loss to the Police Station near the place where the passport was lost and obtain a Police Report. Bring the Police Report to the Public Security Bureau to obtain a Confirmation of Report of Lost Passport;

(2) to apply for a new passport at the Embassy, execute an Affidavit of Lost Passport, fill out the Passport Application Form, and submit a copy of the Confirmation of Report of Lost Passport and copy of the lost passport, if available. The new passport, produced in Manila, will be available around 3 months from the date of application. Once the new passport is released, one must proceed to the Public Security Bureau to process his/her visa.

(3) If you or your companion is in China for a short trip and will be travelling back to the Philippines, a travel document may be applied for - fill out the Travel Document Application Form and submit three (3), size 3cm x 4cm, pictures. Then proceed to the Public Security Bureau to apply for an exit visa.

► Know the identity of Filipino and Chinese intermediaries you deal with for visa and employment purposes. Keep a copy of their ID or passport, in case you need to consult the Embassy or police for any misunderstanding.

► Foreigners cannot work as household service worker (HSW) for ordinary employers in mainland China. Only diplomats may legally hire foreigners as HSW in mainland China.

► If you need assistance or would like to report an incident to the police, dial 110. For emergency medical needs, dial 120 to contact the Beijing Emergency Medical Center or dial 999 for the Beijing Municipal Red Cross.



PAALALA SA MGA PILIPINO SA TSINA



► Pinapayuhan ang lahat ng magparehistro sa Embahada. Ang Embahada ay nasa 23 Xiu Shui Bei Jie, Jian Guo Men Wai, Beijing, 100600. Limang (5) paraan upang makipag-ugnayan sa Embahada:

- trunkline +8610 6532 1872;
- Duty officer Hotline +86138 1112 0334;
- Assistance-to-Nationals ATN Hotline +86139 1118 0495;
- email address beijing.pe@dfa.gov.ph; at
- fax +8610 6532 3761 at +8610 6532 1921.

► Tiyaking mayroong maayos na bisa habang nananatili sa Tsina, at ang iyong mga gawain o pinagkakaabalahan ay angkop sa layunin ng pagbisita na nakasaad sa iyong bisa.

► Tuwing babiyahe, tiyaking mayroong travel insurance para sa mga hindi inaasahang pangyayari.

► Magtabi ng kopya ng iyong pasaporte at bisa. Kung sakaling mawala ang iyong pasaporte:

(1) Ipag-bigay alam ang pagkawala sa malapit na himpilan ng pulis at kumuha ng Police Report. Dalhin ang Police Report sa Public Security Bureau at kumuha ng Confirmation of Report of Lost Passport;

(2) Para sa aplikasyon para sa bagong pasaporte, gumawa ng Affidavit of Lost Passport, punan ang Passport Application Form, at magsumite ng kopya ng Confirmation of Report of Lost passport at kopya ng nawalang pasaporte, kung mayroon. Ang bagong pasaporte, na manggagaling sa Maynila, ay dadating pagkatapos ng humigit-kumulang tatlong buwan. Kapag nakuha na ang bagong pasaporte, kailangang tumungo ng Pilipino sa Public Security Bureau upang ayusin ang pagkuha ng kanyang bisa.

(3) Kung ikaw ay nasa Tsina lamang ng panandalian at babalik na sa Pilipinas, maaari kang mag-apply at bigyan ng travel document. Kailangang isumite ang sinagutang Travel Document Application Form at tatlong 3cm. x 4 cm. na larawan. Kailangang pumunta sa Public Security Bureau upang kumuha ng exit visa.

► Alamin ang pangalan ng mga Pilipino o Intsik na tagapamagitaning inyong kinokontrata para sa bisa o trabaho. Mahalagang magtabi ng kopya ng kanilang ID o pasaporte, sakaling kailanganin ito sa pagdulog sa Embahada o sa pulis para sa mga hindi pagkakaunawaan.

► Ipinagbabawal ang pagtatrabaho ng mga dayuhan bilang kasambahay sa mainland na Tsina. Mga diplomatiko lamang ang legal na maaaring kumuha ng dayuhan bilang kasambahay.

► Kung nangangailangan ng tulong o kailangang makipag-ugnayan sa pulis, tumawag sa numero ng telepono na 110. Kung mayroong medikal na pangangailangan, maaaring tumawag sa Beijing Emergency Medical Center sa numero ng telepono na 120, o kaya sa Beijing Municipal Red Cross na may numero ng telepono na 999.

Payo ni Kuya Fil kay Nena



AVOID ILLEGAL RECRUITMENT

(<http://www.poea.gov.ph/air/howtoavoid.htm>)

- ▶ Do not apply at recruitment agencies not licensed by POEA.
- ▶ Do not deal with any person who is not an authorized representative of a licensed agency.
- ▶ Do not transact business outside the registered address of the agency. If recruitment is conducted in a Philippine province, check if the agency has a provincial recruitment authority.
- ▶ Do not pay more than the allowed placement fee. It should be equivalent to one month salary, exclusive of documentation and processing costs.
- ▶ Do not pay any placement fee unless you have a valid employment contract and an official receipt.
- ▶ Do not be enticed by ads or brochures requiring you to reply to a Post Office (P.O.) Box, and to enclose payment for processing of papers.
- ▶ Do not deal with training centers and travel agencies, which promise overseas employment.
- ▶ Do not accept a tourist visa (as a way to work in China)
- ▶ Do not deal with fixers.

IWASANG MAGING BIKTIMA NG ILIGAL NA RECRUITMENT

- ▶ Huwag mag-apply sa mga ahensiyang nagre-recruit na hindi lisensyado ng POEA.
- ▶ Huwag makipag-ugnayan sa mga indibidwal na walang pahintulot na kumatawan sa isang lisensiyadong ahensiyang nagre-recruit.
- ▶ Huwag makipag-ugnayan at mag-ayos ng mga dokumento sa labas ng rehistradong tanggapan ng ahensiya. Kung ang pag-rerecruit ay ginagawa sa probinsya ng Pilipinas, tiyaking ang ahensiya ay may pahintulot na mag-recruit sa probinsya.
- ▶ Huwag magbayad ng higit sa pinahintulutang placement fee, na katumbas ng isang buwang sweldo, maliban sa mga gastos para sa dokumentasyon at pagpoproseso.

Payo ni Kuya Fil kay Juan



- ▶ Huwag magbayad ng placement fee hanggang walang maayos na kontrata ng trabaho at opisyal na resibo.
- ▶ Huwag matukso sa mga patalastas o pulyetong humihikayat ng pagsagot sa Post Office (P.O.) box at paglakip ng bayad sa pagproseso ng dokumento.
- ▶ Huwag makipag-ugnayan sa mga training centers at travel agencies na nangangako ng trabaho sa ibang bansa.
- ▶ Huwag tatanggap ng pang-turistang visa para sa pagtatrabaho sa ibang bansa.
- ▶ Huwag makipag-ugnayan sa mga fixers.

DON'T BE A DRUG COURIER

Don't accept offers of plane tickets, hotel accommodation or huge amounts of money from strangers in exchange for carrying or delivering packages or items, so as not to fall victim to recruiters of drug couriers.


Drug mules or drug couriers are individuals who transport drugs in exchange for an amount of money. If caught, drug couriers risk facing criminal charges and possibly many years of imprisonment or the death penalty.

HUWAG MAGING TAGAPAGHATID NG DROGA

Huwag tumanggap mula sa mga hindi kakilalang tao ng alok ng tiket sa eroplano, pagtuloy sa hotel o malaking halaga ng pera kapalit ng paghahatid o pagdadala ng mga bagay o bagahe. Mahalagang maging listo at matalas ang pakiramdam upang hind maging biktima ng mga nagre-recruit ng drug courier o tagadala ng iligal na droga.

Ang drug mule o drug courier ay mga taong naghahatid or nagdadala ng iligal na droga sa iba't ibang destinasyon kapalit ng malaking halaga ng pera. Kung mahuli, sila ay harap sa kriminal na kaso, ilang taong pagkabilanggo o parusang kamatayan.

Payo ni Kuya Fil kay Maria



Illustrations: Peter C. Espina

WHAT THE EMBASSY CAN DO FOR YOU:

- ▶ Provide consular services, including but not limited to the following:
 - application for new passport or renewal of passport
 - application for notarials and authentication
 - Reports of Birth, Reports of Marriage, and/or Reports of Death
 - Issuance of travel document if you lost your passport
- ▶ Assist Filipinos who do not have a valid or proper visa and permit in coordinating with the Public Security Bureau or other relevant government agencies in returning to the Philippines.
- ▶ Assist Filipinos in the shipment of the remains of a deceased relative
- ▶ Visit Filipinos in prison, detention center or hospitals, and assist in contacting or updating their next-of-kin
- ▶ Attend court hearings of Filipinos and assist them in obtaining legal services.
- ▶ Assist you in finding a settlement or resolution of conflicts you may have with a fellow Filipino or with your employer
- ▶ Assist next-of-kin in determining the whereabouts or conditions of Filipinos residing within the Embassy's consular jurisdiction
- ▶ Assist victims of illegal recruitment and human trafficking

THE EMBASSY WILL NOT BE ABLE TO:

- ▶ Apply for a Philippine driver's license for you
- ▶ Apply for a Certificate of No Criminal Record for you from the Chinese Government
- ▶ Intercede with the Foreign Ministry or the Chinese Embassy in Manila to issue you a visa
- ▶ Find you a job, or employ you
- ▶ Pay for your living expenses
- ▶ Book you an air ticket, arrange your tour, or billet you in a hotel during your stay in China
- ▶ Issue a government guarantee or endorsement for personal undertakings or business transactions

MGA SERBISYONG AT TULONG MULA SA PASUGUAN:

- ▶ Mga Serbisyon pang-konsulado tulad ng, ngunit hindi limitado sa:
 - Aplikasyon para sa bagong pasaporte
 - Aplikasyon para sa notaryal at pagpapatunay sa dokumento
 - Ulat o pagbibigay-alam ng kapanganakan, pagpapakasal at kamatayan
 - Pagbigay ng travel document para sa nakawala ng pasaporte
- ▶ Tumulong sa pakikipag-ugnayan/ pakikipag-usap sa Public Security Bureau at ibang naaayong ahensiya ng pamahalaan para sa pagbalik sa Pilipinas ng mga Pilipinong walang nararapat na bisa at permiso sa Tsina
- ▶ Tumulong sa pagpapauwi ng bangkay ng namatay
- ▶ Bumisita sa mga Pilipinong nasa bilangguan, piitan o ospital at tumulong sa pakikipag-ugnayan sa kanilang kamag-anak
- ▶ Dumalo sa pagdinig sa korte ng mga Pilipino at tulungan sila sa pagkuha ng legal na serbisyo.
- ▶ Tumulong at mamagitan upang magkasundo ang dalawang Pilipinong may alitan o sa pakikipagkasundo sa amo sa trabaho
- ▶ Tumulong sa mga pamilyang nais malaman ang kinaroroonan at kalagayan ng kanilang kaanak na nasa lugar na saklaw ng Pasuguan
- ▶ Tumulong sa mga biktima ng illegal recruitment o human trafficking

HINDI MAGAGAWA NG PASUGUAN ANG MGA SUMUSUNOD:

- ▶ I-apply ka ng lisensya sa pagmamaneho sa Pilipinas
- ▶ I-apply ka ng sertipiko na walang rekord na kriminal sa Tsina
- ▶ Mamagitan o makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Ugnayang Panlabas ng Tsina o sa Pasuguan ng Tsina sa Maynila upang makakuha ka ng bisa sa Tsina
- ▶ Ihanap ka ng trabaho o bigyan ka ng trabaho
- ▶ Sustentuhan ang iyong pang-araw-araw na pangangailangan
- ▶ Ibili ka ng tiket sa eroplano, ayusin ang iyong pamamasyal o pamamalagi sa hotel sa Tsina
- ▶ Magbigay ng garantiya mula sa pamahalaan para sa iyong mga pananagutang personal o pang-negosyo.

Excerpts from the Exit and Entry Administration Law of the People's Republic of China identified by Beijing PSB

Article 30 Where visas held by foreigners specify that foreigners need to apply for residence permits after entry, such foreigners shall, within 30 days from the date of their entry, apply to the exit/entry administrations of public security organs under local people's governments at or above the county level in the proposed places of residence for foreigners' residence permits.

Article 33 The registered items of a foreign residence permit shall include name, sex, date of birth, reason for residence and duration of residence of the holder, date and place of issuance, passport number or other international travel documents number.

Where the registered item in a foreigner's residence permit has changed, the holder shall, within 10 days from the date of change, apply to the exit/entry administration of public security organ under the local people's government at or above the county level in the place of residence for going through the formalities for alteration.

Article 37 Foreigners who stay or reside in China shall not engage in activities not corresponding to the purpose of stay or residence, and shall leave China prior to the expiry of the prescribed duration of stay or residence.

Article 40 For foreign infants born in China, their parents or agents shall, within 60 days after they are born, on the strength of the birth certificates, go through the formalities for stay or residence registration for them with the exit/entry administrations of public security organs under people's governments at or above the county level in the places of their parents' stay or residence.

Article 76 Under any of the following circumstances, a warning shall be given, and a fine of not more than RMB 2,000 yuan may also be imposed:
(3) Persons concerned fail to go through the formalities for foreigners' birth registration or death declaration in accordance with relevant regulations;
(4) Foreigners fail to go through the formalities for altering registration in accordance with the relevant regulations when there is any change in the registered items in their residence permits.

Article 78 Foreigners who reside in China illegally shall be given a warning; where circumstances are serious, they shall be imposed with a fine of RMB 500 yuan per day, with a cap of RMB 10,000 yuan in total, or be detained for not less than five days but not more than 15 days.

Where guardians or other persons responsible for guardianship fail to perform the guardian obligation and result in foreigners below 16 years of age residing in China illegally, the said guardians or other obligated persons shall be given a warning and may also be fined not more than RMB 1,000.

Article 81 Where foreigners engage in activities not corresponding to the purposes of stay or residence, or otherwise violate the laws or regulations of China, which makes them no longer eligible to stay or reside in China, they may be ordered to exit China within a time limit.

Ilang Probisyon ng Exit-Entry Administration Law ng Tsina, na tinukoy ng PSB

Art. 30 Kung nakasaad sa hawak na bisa ng dayuhan na kailangang kumuha ng residence permit pagkatapos pumasok ng Tsina, kailangang i-apply ng dayuhan ang "foreigners' residence permit" sa exit-entry administration sa lugar kung saan siya maninirahan sa loob ng tatlumpong (30) araw mula sa araw ng pagpasok sa Tsina.

Art. 33 Nakasaad sa residence permit ang mga sumusunod na impormasyon: pangalan, kasarian, araw ng kapanganakan, dahilan o pakay ng paninirahan sa Tsina, tagal ng pananatili/paninirahan, petsa at lugar ng pagkakaloob ng permit, at bilang ng pasaporte o dokumentong panglakbay. Kung mayroong pagbabago sa isa sa mga impormasyong nakasaad sa residence permit, kailangang mag-apply sa exit-entry administration sa lugar na tinitirhan sa loob ng sampung (10) araw para sa panibagong residence permit.

Art. 37 Ang mga dayuhang nananatili o naninirahan sa Tsina ay hindi dapat gumawa ng mga bagay na labag o hindi ayon sa layunin ng pagbisita na nakasaad sa kanilang bisa at residence permit, at dapat umalis sa Tsina bago matapos ang panahong pinahintulot para sa kanilang pananatili o paninirahan.

Art. 40 Para sa mga dayuhang sanggol na ipinanganak sa Tsina, dapat silang ikuha ng kanilang magulang o kinatawan ng residence permit, ayon sa kanilang sertipiko ng kapanganakan, sa exit entry administration sa lugar kung saan sila nakatira sa loob ng animnapung (60) araw mula sa araw ng kanilang kapanganakan.

Art. 76 Sa mga sumusunod na pagkakataon, magbibigay ng babala at maaari ring magpataw ng multa na hindi hihigit sa RMB 2,000.00:
(3) pagkabigong gawin ang mga nararapat para sa pagpaparehistro ng kapanganakan at pagkamatay ng isang dayuhan
(4) pagkabigong kumuha ng bagong residence permit sakaling magkaroon ng pagbabago sa mga impormasyong nakasaad sa hawak na residence permit.

Art. 78 Ang mga dayuhang naninirahan ng iligal sa Tsina ay bibigyan ng babala, at kung seryoso ang naging paglabag, papatawan ng multang RMB 500 bawat araw, hindi hihigit sa RMB10,000 sa kabuuan, o pagkakulong ng hindi bababa sa limang (5) araw at hindi hihigit sa labing-limang (15) araw. Kung ang tagapag-alaga o ibang taong may pananagutang mag-alaga ay di nagampanan ang kanilang tungkulin at nagbunga sa pagiging iligal ng isang nakababatang dayuhan na wala pang labing-anim na taong gulang, ang naturang tagapag-alaga o ibang taong naatasang mag-alaga ay bibigyan ng babala at maaaring patawan ng multang hindi hihigit sa RMB 1,000.00.

Art. 81 Kung ang isang dayuhan ay gumawa ng isang bagay na labag o hindi ayon sa layunin ng pagbisitang nakasaad sa kanyang visa o kaya ay lumabag sa batas o panuntunan ng Tsina at magiging hindi karapat-dapat manatili sa Tsina, maaari siyang utusang umalis sa Tsina sa itatakdang araw.